

# Ginto Sa Dagat

Sinulat nina:
**Oliver A. Sulat**
**Anastacio P. Dalupang**
**Lilanie C. Malagad**
Guhit ni: **Anastacio P. Dalupang**
Edited by: **Joseph J. Cristobal**

Si Islaw ay isang mangingisda na ganid sa kayamanan at napakaambisyoso. Siya ay nakatira malapit sa baybayin ng Hunasan sa Gibon. Ang lugar na ito ay tanyag sa haka-hakang may nagpapakita na barkong ginto.

Maraming anak si Islaw kaya lagi silang kinakapos sa pangangailangan. Dulot ng sobrang kahirapan, naghangad siya ng maraming yaman para mapunan ang mga pangangailangan ng kanyang pamilya. Naisip ni Islaw ang mga bulung-bulungan tungkol sa gintong barko. "Ito na ang lulutas sa mga problema ko," sabi niya sa sarili. Isang madaling araw, palihim siyang pumunta sa tabing-dagat para puntahan ang lugar kung saan daw nagpapakita ang gintong barko.

Nang makarating na siya doon, eksaktong nagpakita ang gintong barko. "Aha! Heto na ang makakasagot sa aming mga kahirapan," sigaw ni Islaw.

Dali-dali siyang lumangoy papunta sa barko. Habang siya ay papalapit nang papalapit sa barko, napupuna niyang nag-iiba at nawawala ang kinang nito.

Nagpatuloy siyang lumangoy ngunit hindi niya marating ang barko. "Langoy, langoy Islaw," sabi niya sa sarili. Hanggang, "Bogs!" "Aray!". Nauntog si Islaw sa bato. Pagtingin niya sa paligid, wala siyang makitang barko kundi isang malaking bato lamang. Nanlumo siya at napagtanto niya na hindi ito barko kundi isang malaking bato na nasisinagan ng araw. Naisip niya ang kanyang kamalian at kasakiman at kalaunan ay umuwi na siya sa kanila.

Simula noon, naging masipag sa pagtatrabaho si Islaw at hindi na umasa sa hindi pinaghihirapang yaman.

